




LIBUTIN ANG PUSONG BAYANI

ANG INYONG GABAY SA PAGBISITA
SA MGA KOMUNIDAD SA BAYBAYIN
NG WEST PHILIPPINE SEA

PAGGAMIT NG GABAY NA ITO

Ang gabay na ito ay dadalhin kayo sa masisiglang komunidad sa baybayin ng West Philippine Sea, kung saan ipapakilala kayo sa mga dapat puntahang lokasyon, hindi malilimutang lokal na karanasan, at mga orihinal na produktong gawa ng mga lokal na komunidad.

Enjoy-in lahat mula sa bagong handang pagkain dagat hanggang sa gawang kamay na pasalubong at pakikipagsapalaran kasama ang komunidad.

PAANO NAKAKATULONG ANG INYONG SUPORTA

Ang bawat pagbisita at pagbili ninyo ay makakatulong suportahan ang lokal na pamumuhay, ma-preserba ang mga tradisyon, at masiguro na ang mga komunidad na ito ay kikita pa rin sa mga panahon na hindi sapat ang kita nila mula sa pangangisda sa WPS.

TAMPOK NA MGA LUGAR

BOLINAO

MASINLOC

PUERTO PRINCESA



PHILIPPINE
SEA

 BOLINAO, PANGASINAN


 MASINLOC, ZAMBALES

PHILIPPINES

WEST
PHILIPPINE
SEA

 PUERTO PRINCESA, PALAWAN

SULU
SEA



Marami sa mga nasa komunidad ng Bolinao ay lumaki na ang dagat ay mahalagang parte ng kanilang buhay. Ang pangingisda ay hindi lang trabaho para sa karamihan, dito ito ay parte ng kung sino sila, kung saan marami sa kanilang pamilya ay maraming henerasyon nang nangingisda sa West Philippine. Sa katunayan, nagdaraos sila ng taunang Mangunguna Fisherman's Festival para pahalagahan ang kanilang tradisyon ng pangingisda at magpasalamat sa dagat na patuloy nagbibigay sa kanila.

Pero para sa mga nangingisda sa West Philippine Sea, hindi na kasing dali ng dati ang paglabas. Ang mga mangisingisda ngayon ay nahaharap sa banta ng kaligtasan at access sa sariling pangisdaan dahil sa nakapalibot na CCG vessels. Pero sa gitna ng problemang ito, ang dagat pa rin ang kanilang tahanan. Pinapakain nito ang kanilang mga pamilya at humuhubog sa kanilang pamumuhay sa Bolinao.

BOLINAO



BOLINAO MARINE LABORATORY
The Marine Science Institute
University of the Philippines



UP MSI - BOLINAO

Ang pinagsimulan ng University of the Philippines Marine Institute (UP MSI) ay noon pang 1976, kung saan ang mga siyentipiko ay unang nagmasid sa lugar ng mga bahura bilang parte ng pangmalawakang pagsusuri sa mga bahura ng Pilipinas. Ngayon, ang Bolinao Marine Laboratory ay ang pangunahing istasyon ng pananaliksik ng UP MSI kung saan ang mga siyentipiko ay pinag-aaralan ang eko-sistemang pangkaragatan, biodibersidad, mga proseso sa karagatan, at ang konserbasyon ng mga pangbaybayin at pangkaragatang yaman sa Pilipinas, kasama ang West Philippine Sea.



ANONG GAGAWIN DOON?

Alamin lahat ng ginagawang pagsisikap ng UP MSI para sa konserbasyon ng mga higanteng taklobo. Alamin kung paano pinaparami ang nanganganib na mga shellfish na ito at paano sila pinapalaki sa hatchery bago ilipat sa likas na tirahan ng mga bahura para dumami ang populasyon nito.

HATCHERY NG HIGANTENG TAKLOBO

KANINO MAKIKIPAG-PLANO

Kilalanin si Mother July ng hatchery at saksihan mismo kung paano pinaparami ang mga higanteng taklobo at pinapalaki bago dalhin sa karagatan kung saan sila nililipat.

BOLINAO
MARINE SCIENCE INSTITUTE

P: (075)-649-5740

E: bml@msi.upd.edu.ph

<https://www.facebook.com/upmsi.bml>

MAG-AMPON NG SARILING HIGANTENG TAKLOBO

Suportahan ang mga inisyatibo ng UP MSI sa mga higanteng taklobo at mag-donate ngayon.

I-CLICK ITO



SILAKI ISLAND

Lumangoy kasama ang libo-libong higanteng taklobo sa protektadong marine sanctuary. Pagkatapos mag-snorkel, maaring tahakin ang matahimik na isla na pamayanan ng mangingisda.

BOLINAO – MGA DAPAT GAWIN

PATAR BEACH

Lasapin ang mabagal na buhay sa baybayin. Ang gintong buhangin, mga likas na pormasyon ng mga bato, at ang lawak ng tanawin ng West Philippine Sea lalo na sa dapit hapon, kung kailan pumupunta dito ang mga lokal at mga bisita para panoorin ang takipsilim.





DEWEY SANDBAR

Pumunta ng maaga habang lowtide, at makikita kung kailan pinakamaganda ang sandbar. Maaring ma-enjoy ang preskong tubig habang lumalangoy sa dagat, o mag-camp magdamag at maranasan ang mas tahimik na parte ng Bolinao.

MGA PAYO MULA SA MGA LOKAL



PAYONG LOKAL 1

Hindi kumpleto ang biyahe sa Bolinao kung hindi titikman ang mga pagkain tulad ng Binungey, Sungayan fish, at ang lokal na danggit. Siguraduhing hingin ang sariwang huli lalo na kung mahilig sa seafood.



PAYONG LOKAL 2

Maghinay hinay lang. Wag magmadali sa pagpunta sa isang lugar papunta sa susunod. Namnamin ang pagtuklas sa tabing dagat, ang pormasyon ng mga bato at paglanghap ng sariwang hangin ng karagatan.



PAYONG LOKAL 3

Mas magandang mag-snorkel kapag malinaw at tahimik ang tubig para mas maraming makita. Bisitahin ang Bolinao kapag kalmado ang panahon at alamin ang kondisyon ng tubig at dagat sa araw na iyon bago sumalang.



LUGAR PARA MAGPA-LITRATO



SANCTUARY NG HIGANTENG TAKLOBO

Siguraduhing makunan ang kakaibang karanasan ng pagsisid kasama ng mga higante sa kailaliman ng dagat. Pumunta ng may dalang kamerang pantubig o lalagyang hindi pinapasok ng tubig para sa iyong telepono.

KANINO MAKIKIPAG- ORGANISA

May mga lokal na gabay sa lugar kasama na si:

Kuya Junior Caluya

[https://facebook.com/
junior.caluya.9](https://facebook.com/junior.caluya.9)

MAGKANO AABUTIN

Ang pag-renta ng bangka ay depende sa dami ng tao:

1-5 katao: ₱3,000


6-10 katao: ₱4,000

11-15 katao: ₱5,000

Ang pangingisda ay matagal nang parte ng pamumuhay ng mga taga-Masinloc, Zambales. Maraming lokal na pamilya ang umaasa sa dagat para mabuhay, kung saan ang sariwang isda at iba pang yamang dagat ang nagiging malaking parte ng kanilang pagkain at mga tradisyon.

Mahigit 20 taon na ang nakalipas, naaalala ng mga mangingingisda nang sagana pa ang kanilang huli nang regular silang nakakapunta sa Bajo de Masinloc. Doon, sa ilang araw lang ay kaya nilang humuli ng sapat para suportahan ang kanilang mga pamilya. Pero nagbago ang lahat ng ito nang simulang magtangka ang PRC vessels sa mga mangingingisda sa pamamagitan ng pagbomba sa kanila ng tubig, para paalisin sila at hindi na bumalik.

Kapag hindi sapat ang huli, gumagawa ng ibang paraan ang mga pamilya para mabuhay. Ang iba ay nanghuhuli ng isdang pang-aquarium o pagkolekta ng mga kabibe. Habang ang iba naman ay nagsasaka o kumukuha ng ibang maliliit na trabaho para suportahan ang kanilang pamilya.



MASINLOC



BARANGAY SAN SALVADOR

Ang San Salvador ang pinakamalapit na islang barangay sa Bajo de Masinloc. Ang komunidad ay nagmula sa henerasyon ng mga mangingingisdang nangangawil sa Bajo de Masinloc pero ngayon ay napipigilan dahil sa nagyayaring alitan sa lugar.

Dito makikita ang 127-ektarya na marine sanctuary na sinikap buuin ng mga lokal para protektahan ang kanilang yamang dagat na nakapagpanatili sa kanilang pamumuhay.



ANONG GAGAWIN DOON?

Mag-enjoy a sa paglangoy, snorkeling o scuba diving sa dalampasigan ng mga isla, magpahinga habang naglilibot sa bangka o sumali sa mga gawain sa pag-konserba ng buhay dagat. Habang nandoon, lasapin ang mga hinandang pagkaing-dagat ng mga lokal at tumira sa mga akomodasyon na pinapatakbo ng mga lokal o sumubok ng home-stay.

SINO ANG KASAMA MAGPA-PLANO?

Planuhin ang paglibot sa San Salvador sa pamamagitan ng pag-rehistro sa:

MASINLOC

TOURISM OFFICE

South Poblacion,
Masinloc, Zambales

P: 0919 800 6189

E: tourismoffice.
masinloc@gmail.com

PRICING:

(bawat katao)

2 katao: ₱2,900


5 katao: ₱1,700

10 katao: ₱1,400

15 katao: ₱1,300

ANG KASAMA SA PAKETE:

bangka, pagkain at meryenda, bayad sa pagpasok, kalikasan at pag-snorkel, lokal na guide at renta sa kagamitan.



COTO MINES & KIDZ POOL

Para sa isang masayang karanasan, pumunta sa bulubundukin ng Masinloc sa Coto. Makakapag-camp sa gitna ng masaganang gubat at lumangoy sa nakakaginhawang tubig sa mga likas na palanguyan.

MASINLOC – MGA DAPAT GAWIN

YAHA MANGROVE ISLAND

Mag-banka papunta sa Yaha para sa mas kalmaat mas mapayapang pakiramdam. Matuwa sa pagpanood ng mga ibon sa mga bakawan at makita ang hindi pa natutuklasang bahagi ng Masinloc.





MASINLOC BAYWALK

Bisitahin ang Masinloc Baywalk at magpasyal malapit sa baybaying dagat. Panoorin ang pagdating ng mga bangkang pangisda habang pinapanood ang paglubog ng araw sa look. Matutuwa ka rin sa mga pagkaing lokal at kung paano ang pamumuhay ng mga tao sa Masinloc.

MGA PAYO MULA SA MGA LOKAL



PAYONG LOKAL 1

Manatili nang magdamag sa isla ng San Salvador at magmuni muni sa ilalim ng mga bituin. Ito ang pinakamagandang paraan para maramdaman ang tahimik na kalangitan ng isla.



PAYONG LOKAL 2

Wag papalampasin ang pagtikim sa pinakamatamis na mangga sa rehiyon. Kilala ang Masinloc sa kanilang matatamis na manggang Kalabaw. Ito ay kadalasang nahihinog ng Marso hanggang Abril.



PAYONG LOKAL 3

Subukang mangisda tulad ng isang lokal. Ito ay isang magandang paraan para maranasan ang kultura ng pangingisda sa lugar. Tanungin ang lokal na gabay kung posibleng mangisda sa iyong pagbisita.



LUGAR PARA MAGPA-LITRATO



SAN SALVADOR ISLAND SUNSETS


Ang pinakamagandang litrato para maaalala ang pagpunta mo sa San Salvador ay kasama ang ginintuang takipsilim sa magandang dalampasigan.

PAGPUNTA DOON

Mula sa bayan ng Masinloc, maaring kumuha ng lokal na bangkang de-motor para dalhin ka sa San Salvador Island. Ang isla ay nasa 2 kilometro mula sa bayan at aabutin ng 30 minuto papunta nang naka-bangka.

PAGHAHANDA SA BIYAHE

Pinakamagandang makipag-ugnayan agad sa opisina ng lokal na turismo o sa nag-ooperate ng bangka ilang araw bago pa bumisita.



Matagal nang malalim ang koneksyon ng komunidad ng Puerto Princesa sa dagat. Ang pangingisda ang pinaka-importanteng pinagkukunan nila ng kabuhayan pero nakatulong din ang turismo para lumakas ang ekonomiya ng bayan.

Ang kaugnayan sa dagat ay matagal nang parte ngkultura at selebrasyon dito katulad ng Karagatan Festival kung saan ipinagdidiwang ang relasyon sa pagitan ng mga tao at karagatan.

Pero kailan lang dahil sa panganib ng pangingisda sa karagatan ng West Philippine Sea, hindi na lumalayo ang mga mangingisda. Dahil dito, humina ang kanilang mga huli dahilan para maging masmahirap para sa kanilang kumita ng pera.

Kapag bumisita kayo sa Puerto Princesa, piliin ninyo ang mga lokal na serbisyo at mga produkto, dahil bawat piso na ginagastos ninyo para sa kanila ay nakakatulong na patuloy silang kumita para sa kanilang pamilya kapag hirap sila sa pangingisda

PUERTO PRINCESA



BUENAVISTA BANGUS AND OYSTER ASSOCIATION

Ang Buenavista Bangus at Oyster Association ay isang komunidad na parte ng organisasyon ng Barangay Buenavista, Puerto Princesa.

Ang asosasyon ay binuo para magkaroon ng karagdagan at napapanatiling kabuhayan para sa komunidad. Binuo para talaga sa pag-debelop ng bangus at oyster farming, ang 65 miyembrong organisasyon ngayon ay tumatanggap ng mga bisita para sa kanilang mga akitibidad pang-turismo na magagawa sa Ulugan Bay.

Binibigyan ng proyekto ang mga miyembro ng ibang pagkakakitaan kapag ang pangingisda at pagsasaka ay hindi sapat para sa kanilang kabuhayan.



ANONG GAGAWIN DOON?

Magpalipas ng araw sa floating hub sa mapayapang lugar ng Ulugan Bay. Magpahinga habang lumalangoy, snorkel, mangisda, kayak, at sumakay sa banana boat sa malinaw na tubig. Perpekto ito para sa mga outing ng pamilya, mga kaarawan at iba pang okasyon.

SINO ANG KASAMA MAG-PLANO

Planuhin ang biyahe sa Ulugan Bay kasama ang lokal na gabay na si Madam Daisy:

**BUENAVISTA
BANGUS
AND OYSTER
ASSOCIATION**

P: 09303334490

FB: Buenavista-
Bangus-and-Oyster-
Association

PRESYO:
(kada tao. Hindi
bababa sa 5 katao)

3-4yo: Free

5-10yo: ₱ 125 pp

11yo + : ₱ 250 pp

lunch: add on ₱ 350 pp

PYESTANG PAMPAMILYA:

Lasapin ang sarap ng pagkaing hinanda ng komunidad tulad ng alimango, binusog na pusit, inihaw na isda, adobong pusit at marami pang iba!



JAMA MAPUN WEAVERS

Bisitahin ang Barangay Oring-Oring at makita kung paano naghahabi ang mga kababaihan ng dahon ng pandan para gawing makulay na produktong may disenyo. Pwede mo rin itong subukan! Siguraduhing mag-uwi ng tinahing pasalubong tulad ng banig, lagayan ng pasaporte, o bag gawa ng komunidad ng Pawalan.

PUERTO PRINCESA — DAPAT GAWIN

GUMAWA NG SARILING SEAWEEED CHIPS

Dumiretso sa Sitio Banting sa Quezon at sumali sa mga kababaihan sa paggawa nila ng seaweed para maging malutong na chichirya. Masayang paraan ito para masubukan ang isang kakaibang gawain sa babybayin. Mag-uwi nito para ipamigay sa mga pamilya at kaibigan.





TAGBUROS DANGGIT

Bisitahin ang danggit community ng mga kababaihan ng Tagburos at subukan ang kanilang tinuyong isda. Makikita dito kung paano hinanda, inasinan, pinatuyo sa araw, at pinakete ang mga ito para ibenta. Luwi ang lokal na lasang ito habang direktang nasusuportahan ang mga kababaihan at kanilang pamilya.

MGA PAYO MULA SA MGA LOKAL



PAYONG LOKAL 1

Kumain na parang lokal at subukan ang kanilang sikat na pagkain tulad ng chaolong, tamilok, sariwang lamang-dagat at iba pang espesyalidad ng Palawan.



PAYONG LOKAL 2

Bumili ng magandang lokal na regalo bilang pasalubong. Hanapin ang kasoy, mga hinabing produkto, at tinuyong isda mula sa lokal na palengke at lokal na gumagawa sa komunidad.



PAYONG LOKAL 3

Sumakay sa isang firely tour sa lhawig pagdating ng gabi at saksihan ang kamangha-manghang pagtatanghal ng ilaw ng kalikasan sa lokal na bakawan.

LUGAR PARA MAGPA-LITRATO



NAGTABON COVE

Ang pinakamagandang paraan para maalala ang iyong pagbisita sa Puerto Princesa ay ang pagkuha ng nakakamanghang litrato sa panoramikong tanawin sa Nagtabon Cave.

SAAN PUPUNTA

Dumiretso sa Nagtabon View Deck Café kung saan pwedeng maabutan ang napakagandang paglubog ng araw habang nagmeryenda ng mga lokal na pagkain at inumin sa isang kumportableng lugar.

MAGKANO ANG BABAYARAN

Ang pagbisita sa View Deck Café ay nasa ₱10-20 kada tao.

SUPORTAHAN ANG MGA KOMUNIDAD NG WEST PHILIPPINE SEA



@PUSONGBAYANIPH



CIRIS

Center for Information Resilience
and Integrity Studies